# Lisa

Ako si Lisa, taga Maynila at may tatlong anak. Nagpunta ako sa Health Center para magpaturo tungkol sa Family Planning, sabi ng mga tao doon, ipinagbabawal daw ang Family Planning sa mga Health Centers. Kaya wala akong mapagkunan ng contraceptives.

Kaya sa edad na 19 ay nabuntis ako, pangatlo ko na. Uminom ako ng brandy at Vino de Quina, isang uri ng alak na sabi nila ay makakapagpigil sa pagbubuntis.

Pagkatapos ng isang linggong pagdurugo, lagnat at sakit ng katawan ay sinugod na ako sa ospital.

Pagdating doon ay binabalaan na ako ng mga doktor at nars, "gusto mo bang isumbong ka namin sa pulis?! Alam mo bang masama yang ginawa mo!" naaalala ko pang sabi nila.

Nooong araw na yon, ang daming nanganganak, tapos na sila lahat manganak pero ako nandoon pa din, natuyo na nga ang dugo sa akin. Maya maya pa ay tinali na nila ako para raspahin, nakakatakot, kulang na lang pati leeg ko ay itali nila. Natatakot akong matulog baka kung ano ang gawin nila sa akin.

Pagkasigising ko, napansin ko na tumitingin sakin yung mga taong napapadaan sa kama ko --- may nakalagay pala sa kama ko na sign na: ABORTION .

Nailabas ako ng ospital ng hindi ako natuturuan tungkol sa Family Planning at contraceptives.

Makalipas ang isang buwan…Nagbuntis na naman ako...

Ikaw, ano ang maaari mong gawin kung ikaw ang nasa kalagayan ko?

Lisa